# Modyul 4:
# Parents as Teachers
## Parents Who Teach!



Pagranas sa pagtuturo at pagkatuto
na may halaga.

COPYRIGHT © 2022
No parts of this material shall be reproduced , copied or distributed without the permission from Teach for the Philippines (TFP) or Asian Development Bank (ADB) under the EAKPF Program.

# COURSE OUTLINE



Binago ng pandemyang COVID-19 ang buhay nating lahat. Kasama na rito ang edukasyon ng ating mga anak.

Nakasanayan na natin na umalalay sa ating mga anak sa mga paghahanda nila sa pagpasok sa eskwela tuwing umaga mula Lunes hanggang Biyernes. Sa taong 2020, kinailangan nating harapin ang mga pagbabago. Ilan dito ay ang pagkatuto sa pamamagitan ng module at online. Dahil dito, kinailangan sa pag-aaral ng ating mga anak ang mga bagay na makatutulong sa kanyang pagkatuto sa tahanan. Ilan dito ay ang gadgets pati na rin ang internet connection. Gayunpaman, higit na naging mas kailangan ang ating mahigpit na paggabay sa kanila.

Ang mga pagbabagong ito ay nagdulot sa atin upang tanungin ang ating mga sarili. Sapat ba ang ating kakayahan at handa ba tayong mga magulang na turuan ang ating mga anak?

Ang modyul na ito ay naglalayon na matulungang gabayan ang mga magulang kung paano maging guro sa tahanan para sa ating mga anak.

Pagkatapos ng modyul na ito, layunin na matutunan ang mga sumusunod:

1. Maintindihan kung ano ang Growth Mindset (Kaya Ko!)
2. Matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa ating tungkulin bilang isang Parent-Teacher
3. Magtakda ng mga layunin (goal)
4. Pangasiwaan ang mga hamon sa buhay
5. Magbunyi sa mga tagumpay



**Sa Modyul na ito ay makakamit mo ang :**



**Ka-Guro Power:**

Kaya kong maging epektibong guro at gabay sa aking mga anak

# Modyul 4-A: Pagiging isang Parent-Teacher, Kaya Ko!



# Layunin

"Kaya ko ba ang maging Parent-Teacher?"

"Ano ang pwede kong gawin upang maging isang epektibong Parent-Teacher?"




Ilan lamang ito sa mga katanungan na layuning masagot at matutuhan mo sa sub-module na ito.

Ang unang sub-module ay magbibigay ng kaalaman at mga istratehiya sa atin upang maging isang epektibong Parent-Teacher sa ating mga anak sa pamamagitan ng pagtalakay ng **Growth Mindset**, mga **salik na nakaaapekto sa ating tungkulin bilang isang Parent-Teacher, pagtatakda ng mga layunin, pangangasiwa sa mga hamon sa buhay,** at **pagbubunyi sa mga tagumpay**.

## Mga layunin:

1. Maintindihan kung ano ang Growth Mindset (Kaya Ko!)
2. Matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa ating tungkulin bilang isang Parent-Teacher
3. Magtakda ng mga layunin (goal)
4. Pangasiwaan ang mga hamon sa buhay
5. Magbunyi sa mga tagumpay



**Paalala!**
Gagamitin natin ang Gabay Facebook group. Kung hindi pa kayo nabibilang dito, maaari kayong mag-chat o text sa inyong workshop facilitator!

## Balikan Natin

Mula sa nakaraang Modyul 3 "Learning Environment", ano ang tamang kapaligiran ng inyong anak sa bahay na makatutulong sa kanyang pag-aaral? Iguhit ito sa ibaba at kulayan ito. Magsulat ng deskripsyon sa ibaba para ilarawan ang iyong drawing..

### Ang Learning Environment ng Aking Anak

Deskripsyon:

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## Partner Activity



**Panuto:**

Maghanap ng isang kapares sa inyong bahay (halimbawa: asawa o onak).

Bawat isa sa inyo ay may isang minuto para sagutin ang mga sumusunod:

1. Habang ikaw ay lumalaki, ano ang natutuhan mo sa iyong mga magulang/tagapag-alaga tungkol sa pagkakaroon mo ng mga pangarap at kakayahang abutin ang mga ito?

2. Pinaramdam ba nila na pwede kang mangarap at maabot ang mga ito? Sa paanong paraan?



## Alamin Natin!

# Growth Mindset

Ang Growth Mindset ay ang paniniwala na ang **ating talino ay nahuhulma at napagbubuti sa pamamagitan ng mga istratehiya, ensayo at pagsisikap** (Wilson & Conyers, 2020).

Kabaliktaran ito ng Fixed Mindset na ang paniniwalang hindi na nagbabago ang ating talino at mga kakayahan.



### Growth Mindset vs. Fixed Mindset

(Wilson & Conyers, 2020)

| | GROWTH MINDSET | FIXED MINDSET |
|---|---|---|
| MGA HAMON SA BUHAY | Hinaharap | Iniiwasan |
| MGA HADLANG SA BUHAY | Nagpapatuloy | Sumusuko |
| PAGSISIKAP | Kailangan | Walang silbi |
| KRITISISMO | Natututo mula rito | Hindi pinapansin |
| TAGUMPAY NG IBA | Natututo at pampasigla nito | Naiingit |

## Alamin Natin!

# Growth Mindset

Nakapagpapasigla ang Growth Mindset dahil nakikita ng mga tao ang relasyon ng kanilang mga pagpupursigi, istratehiya at mga resulta. Ang mga tao na may Growth Mindset ay kalimitang mas nagpupursigi na matuto ng mga bagong bagay hanggang maabot nila ang kanilang mga layunin dahil kumpiyansa sila na ang kanilang pagsisikap ay hahantong sa tagumpay.

## Mga Salik na Nakaaapekto sa Tungkulin ng mga Parent-Teacher

Ang mga sumusunod ay nakaaapekto sa tungkulin ng mga Parent-Teacher ayon kina Luster & Okagaki (2005):



1. Katangian ng mga Magulang
2. Katangian ng mga Anak
3. Kontekstwal na mga Impluwensya

## 1 Katangian ng mga Magulang

### Paniniwala

Ang iyong paniniwala kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isang magulang.

Ano ang tungkulin ng isang magulang?

## Alamin Natin!



### 1 Katangian ng mga Magulang

#### Saloobin
Mga katangian ng mga anak na positibo para sa magulang.

Halimbawa, ano ang mas pinahahalagahan mo bilang isang magulang, pagsasarili ng anak o pagdadamayan sa isa't isa?

#### Pagpapalagay
Pinaniniwalaang mga dahilan ng mga tagumpay at kabiguan sa pagiging magulang at ng kanilang anak.

Halimbawa, abilidad ng magulang o asal ng anak.



#### Pagkaunawa
Pagkaunawa o paningin sa sariling abilidad bilang isang magulang.

#### Layunin at Inaasahan
Mga inaasam at inaasahan ng mga magulang sa kanilang anak.

Halimbawa, mga ugali, edad na maabot nila ang isang bagay, o mga layunin sa pag-aaral.



## Alamin Natin!



### 1 Katangian ng mga Magulang

**Personalidad**

Limang elemento, kung ang magulang ay maalalahanin o hindi, extraverted o hindi, nakalulugod sa iba o hindi, bukas sa mga karanasan o hindi, at conscientious o hindi.

Ang "extraverted" ay taong mahilig makitungo sa iba.
Ang "conscientious" ay ang pagiging organisado, may mataas na pamantayan, at laging nagsusumikap na maabot ang kanyang mga layunin.

**Edad ng Ina**

Sinasabi ng mga pag-aaral na ang mga anak ng mga kabataang ina ay mas malimit na pinalalaki ng mga magulang na may mababang pinag-aralan at mababang kita, at may mas mataas na pagkakataon ng karahasan sa bahay at pagiging isang solo parent (Luaster & Okagaki, 2005).

Dahil sa mga ito, ang mga anak ng kabataang ina ay karaniwang mas may kahirapan sa pag-aaral, problema sa asal at mataas na pagkakataon na maging solo parent rin.



Alamin Natin!



## 2 Katangian ng mga Anak

### Temperament

Pagkakaiba sa reaksiyon, pag-regulate ng sarili, at pagkahilig makitungo sa iba.

### Edad

Sabi ng mga pag-aaral (Luster & Okagaki, 2005), ang pamamahala o kontrol ng magulang ay importante sa edad 6-12 na taong gulang ngunit nababawasan ito ng bisa at importansya pagdating ng kanilang kabataan (13 taong gulang at pataas).

### Kasarian

Nakaiimpluwensiya ang kasarian sa mga karanasan ng bata. Ang mga batang lalaki edad 2-11 na taong gulang ay mas nakararanas ng pagsalungat sa magulang kaysa sa mga batang babae, habang ang mga kabataang babae ay mas nakararanas ng mas istriktong kontrol ng magulang kaysa sa mga kabataang lalaki.

### Pisikal na Anyo

Ang anak na mas maganda o gwapo ay nakatatanggap ng mas maraming positibong pagpansin galing sa magulang (Luster & Okagaki, 2005).



Nakita sa mga pag-aaral na ang mga ina na may kaakit-akit na mga bagong silang na sanggol ay nagpapakita ng mas higit na interes at lambing kumpara sa mga ina ng mga hindi kaakit-akit na mga sanggol.

## Alamin Natin!

### 3 Kontekstwal na mga Impluwensya



#### Relasyong Mag-asawa

Ang mga mag-asawa na mas magkasundo ay karaniwang mas epektibo sa pagpapalaki ng mga anak. Ang suporta ng asawa ay may positibo at direktang epekto sa pagiging magulang.

#### Panlipunang Suporta

Ito ang mga tao na direktang nakatutulong sa pamilya (isang miyembro man, ilan o lahat) sa pamamagitan ng pagbibigay ng emosyonal, materyal o kaalaman na suporta. Halimbawa nito ay ang mga kamag-anak, kapitbahay, ka-trabaho at mga kaibigan.

Ang emosyonal na suporta ay simpatiya at pagbibigay ng pag-asa. Ang karaniwang materyal na suporta ay pera at tulong sa mga gawaing-bahay. Ang kaalamang suporta ay pagbibigay ng tagubilin o impormasyon tungkol sa pagiging magulang o pag-aalaga ng anak.

Sinasabi ng mga pag-aaral na ang mga panlipunang suporta na mga ito ay positibong nakagiginhawa sa buhay ng ina (Luster & Okagaki, 2005).

#### Socioeconomic Status (SES)

Ito ay ang estado ng pamilya sa lipunan, karaniwang natatakda ng kita, trabaho at pinakamataas na edukasyon ng mga magulang.

Naiimpluwensiyahan nito ang kayamanan ng pamilya at materyal na buhay ng mga anak.

Halimbawa nito ay ang nutrisyon, edukasyon, at interaksyon sa magulang ng mga anak at ang layunin ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Dahil dito, naaapektuhan ng SES ang tagumpay ng mga anak sa paaralan, mental na abilidad, estado ng kalusugan at pagganang sosyo emosyonal.

Alamin Natin!

## Pagtakda ng mga Layunin (Goal)

Ang pagtakda ng mga layunin ay isang importanteng istratehiya para tayo ay sumigla at magganyak  (Wilson & COnyers, 2020).

Nakikita sa mga pag-aaral na kapag ang mga estudyante ay mas masigla, sila ay mas natututo, mas nagpupursigi, nakagagawa ng mas magandang gawa at mas nakakakamit ng mas mataas na mga marka.

### Paano magtakda ng mga layunin (Wilson & Conyers, 2020)

1. Bigyang kahulugan kung ano ang gusto mong abutin.
2. Isipin ang proseso ng pagtupad ng iyong layunin mula sa simula hanggang sa katapusan.
3. Tandaan na ang pagkamit ng mga malalaking layunin ay binubuo ng serye ng mga mas maliliit at mas madadaling mga hakbang.
4. Magbunyi sa mga maliliit na mga tagumpay na makakamit.



## Alamin Natin!

### Pagpapangasiwa sa mga Hamon sa Buhay

Parte ng Growth Mindset ay ang pagpursigi sa hirap ng mga hamon sa buhay (Wilson & Conyers, 2020).

Ang mga sumusunod ay ang mga praktikal na estratihiya sa pangangasiwa ng mga hamon sa buhay (Gallo, 2017):

**1 Alamin ang iyong mga pagpipilian.**

Maaaring isa ito sa mga sumusunod:

- Walang gawin
- Solusyunan nang direktang paraan (hal. kausapin nang direkta ang tao)
- Solusyunan sa hindi direktang paraan (hal. magpatulong sa isang kakilala para kausapin ang tao)
- Umalis sa sitwasyon (hal. gumawa ng ibang bagay)

**2 Alamin ang iyong natural na ugali.**

Ano ang karaniwan mong ginagawa kung may pagsubok na dumarating sa iyong buhay?

**3 Alamin ang sitwasyon.**

Intindihin ang mga tao at salik na kasangkot sa pagsubok. Humingi ng input mula sa iba.

**4 Gumawa ng plano.**

Ang plano ay dapat may resolusyon na tinutugunan ang pinakamaraming interes na posible, patas at rasonable, at buo ang mga kasangkot na relasyon.

Maging malikhain at nagtutulungan. Isipin kung ano ang maaari mong ibigay at magdesisyon kung paano mo susuriin ang mga posibilidad.

**5 Gawin ang plano.**

Ngayon ang panahon upang gawin ang iyong plano kung paano solusyonan ang iyong hamon sa buhay. Magnilay-nilay habang ginagawa ang plano upang malaman kung may mga dapat baguhin.

Magsuri ng mga ginawang hakbang pagkatapos gawin ang plano upang makita kung may mga dagdag na dapat gawin.

## Alamin Natin!

### Pagbunyi sa mga Tagumpay

Importante ang pagdiwang sa mga tagumpay, maliit man o malaki, dahil ito ay nagiging premyo at puna. Ang puna ay nagbibigay-impormasyon sa ating pag-unlad upang hikayatin tayo na magsikap sa ating sariling kusa, at hindi lang para himasin ang yabang ng isang tao.

Ito ang mga positibong paraan upang magbunyi sa mga tagumpay:

- Magbigay-impormasyon tungkol sa pag-unlad na nagbibigay-diin sa pagpapahusay.
- Magbigay-diin sa pagsisikap, partisipasyon at tamang asal
- Magbigay ng pasulong na pagpapanukala (hal. paghiling).
- Kilalanin ang pagtutulungan.

Nasa ibaba naman ang mga iminumungkahing paraan kung paano magbigay ng positibong tugon:

- Purihin ang pagsisikap at kung paano nila isinagawa ang gawain upang maramdaman nila na sila ay responsable sa kanilang tagumpay.
- Tulungan sila na maging mulat kung paano sila naging matalino kaysa gaano sila katalino.
- Magbigay-diin sa kanilang sariling pag-unlad kaysa sa pagkumpara sa iba.
- Iwasan ang mga maraming mensahe ng pagsang-ayon o di pagsang-ayon.
- Hayaan na suriin ang kanilang sarili at pagtantuin ang sariling pag-unlad sa abot ng makakaya.

## Pag-isipan Natin

### Role Play



**Bumuo ng grupo na may apat o limang miyembro, mainam na magmumula ang mga miyembro sa parehong grade level.**

**Pagnilayan ang gagawin sa isa sa mga sumusunod na eksena na ibibigay ng facilitator:**


1. Hindi naiintindihan ng anak mo ang Grade 3 Multiplication lesson na itinuturo. Alam mo na mahilig siya sa mga larawan at mga kanta.

2. Ang iyong anak ay binubully ng kanyang mga kaklase dahil hindi siya nakasasagot ng mga recitation nang maayos. Ikaw mismo ay hindi tiwala sa pagsasalita sa harap ng iba.

3. Malungkot ang iyong anak dahil may kapamilya/kamag-anak kayo na namatay. Ikaw rin ay malungkot dahil dito at hindi inspirado na magturo sa iyong anak.

4. Bagsak sa asignaturang Filipino ang iyong anak. Alam mo na mahilig siya sa pakikinig sa mga kwento at sa pagsasayaw.

5. Natalo ang iyong anak sa isang patimpalak na kanyang pinaghandaan nang maigi. Ikaw rin ay malungkot dahil tinulungan mo ang anak mo na maghanda para dito at sinamahan mo siya sa patimpalak.



## Pag-usapan Natin



Makipag-usap sa mga kagrupo tungkol sa eksena at magsanay.

Maaaring gamitin ang Gabay facebook group para dito.




## Pagyamanin Natin



# Essay

Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong nang hindi bababa sa isang (1) pangungusap.

1. Ano ang Growth Mindset? Paano mo mahihikayat ang iyong anak na magkaroon ng Growth Mindset?



2. Anu-ano ang mga salik na nakaaapekto sa ating tungkulin bilang isang Parent-Teacher?

3. Paano magtala ng mga layunin (goal)?



## Pagyamanin Natin

4. Paano pangasiwaan ang mga hamon sa buhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

5. Bakit kailangan na magbunyi sa mga tagumpay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Ibahagi Natin

### Home Challenge

Isipin ang isang tagumpay, kahit simple man ito, na nangyari kamakailan lang (hal. paggawa ng takdang-aralin ng iyong anak sa bahay nang hindi mo sinasabihan o pagpasa ng iyong anak sa isang pagsusulit sa paaralan).



Ipagbunyi ito kahit sa simpleng paraan (hal. batiin ang anak, bigyan ng dagdag na oras para maglaro, etc.).

## Tayahin Natin



### Dula-Dulaan

Ipresent ang dula-dulaan. Nasa ibaba ang mga pamantayan

| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pagganap ng mga tauhan sa dula ay nakagaganyak ng manonood. | | | | | |
| Ang mga ideya na inilahad sa dula ay akma sa paksa at sitwasyong inilahad. | | | | | |
| Mabisang gumamit ng mga costume at props. | | | | | |
| Pinaghandaan nang maayos at organisado ang role play. | | | | | |
| Ang dula ay kawili-wili para sa mga manonood, at napanatili ang interes mula umpisa hanggang sa dulo. | | | | | |
| Ang pagsasalita ay malinaw na may tamang lakas ng boses at pagbigkas ng mga salita. | | | | | |
| Ang role play ay nasa tamang oras (hindi bababa sa tatlong minuto at hindi tataas sa limang minuto). | | | | | |

Para sa costume at props, maging malikhain at i-maximize kung anong mayroon sa paligid na maaaring magamit nang panandalian para sa role play.

Ang rating ay mula isa (1) bilang pinakamababa at lima (5) bilang pinakamataas.



# Modyul 4-B: Mga Digital Tools na Makatutulong sa Pagtuturo



## Layunin

1. Gumamit ng mga digital resources sa pagtuturo (Google Search, Facebook at YouTube)
2. Magturo ng pagbasa gamit ang mga digital resources
3. Magturo sa mga bata na may special needs gamit ang mga digital resources

## Balikan Natin

**Sa iyong Gabay Facebook group, mag-comment ng iyong sagot sa ipopost na tanong tungkol sa mga sumusunod:**

1. Ano ang Growth Mindset? Anu-ano ang mga ginawa mo sa mga nakaraang araw lalo na sa pagturo mo sa iyong anak na sa tingin mo ay nagpakita ng iyong Growth Mindset?

2. Anong salik ang nakaaapekto sa iyong tungkulin bilang isang Parent-Teacher ang sa tingin mo ay pinaka nakatutulong? Ang pinaka nagpapahirap sayo? Sa anong paraan?

3. Anong tagumpay, maliit man o malaki, na nakamit sa mga nakaraang araw ang naipagbunyi mo na? Sa anong paraan?



## Gawin Natin

### Triad Activity

Bumuo ng grupo na may tatlong miyembro. Sa inyong grupo, pag-usapan ang mga sumusunod:

1. Marunong ka bang gumamit ng Google Search, Facebook at YouTube?



2. Paano magturo ng pagbasa gamit ang Google Search, Facebook o YouTube?



3. May karanasan ka ba sa pagtuturo sa mga bata na may special needs?



## Alamin Natin!

### Paggamit ng Google Search, Facebook at YouTube

Ang Google Search, Facebook at YouTube ay mga kilalang digital tools ngayon na ginagamit upang mangalap ng impormasyon online.

#### Heto ang mga hakbang kung paano gamitin ang mga digital tools na ito:

1.Buksan ang gadget (computer/laptop/tablet/smartphone).

2. Sa computer o laptop: Buksan ang internet browser (hal. Google Chrome, Mozilla Firefox o Internet Explorer). I-type ang www.google.com, www.facebook.com, o www.youtube.com sa address bar na makikita sa itaas.

3. Sa tablet o smartphone: maaari ring buksan ang app. Kung wala pa ay i-download ito sa store ng mga app (hal. Play Store ng Android, App Store ng Apple at AppGalery ng Huawei).

4. I-type ang keywords o mga salita na naglalarawan sa hinahanap mo (hal. “butterfly parts” sa Ingles o “parte ng paru-paro” sa Filipino kung ang hinahanap mo ay mga parte ng paru-paro).

5. Suriin ang mga search results. Alamin kung alin sa kanila ang galing sa mapagkakatiwalaan na mga sources. Tandaan ang mga natutunan mula sa Module 1 “Digital Literacy”.

## Alamin Natin!

Natatandaan mo ba ang nakaraang Module 2: Sub-module 2 tungkol sa "Mga Dapat Gawin ng Isang Responsableng Digital Citizen"? Tinalakay rito ang mga panuntunan sa pagtukoy sa fact at fake online. Sariwain natin sila.




Ayon sa MindTools ang dalawang uri ng fake news ay:

- Mga istorya na hindi totoo; at
- Mga kwentong may ilang katotohanan, ngunit hindi 100 porsyentong tumpak.

Ito naman ang checklist galing sa Digital Ready Hub ng Irish Society for the Prevention of Cruelty to Children upang malaman kung ang mga nababasa online ay "fake news":

**1. Ano ang address ng website?**

Ang mga URL na may ".com", ".org" o ".edu" sa dulo ay mas katiwa-tiwala kaysa sa mga simpleng blog na karaniwa'y may ".blogspot" sa dulo.




**2. Saan nanggaling ang impormasyong ito?**

Ito ay pinakamainam na galing sa may reputasyong media company, non-government organization, paaralan, o opisina ng gobyerno kaysa sa mga video sa YouTube o Tiktok, o post sa Facebook o Twitter.

Kung may makikitang video sa YouTube o Tiktok, o post sa Facebook o Twitter, kailangan tingnan kung sino ang gumawa, sumulat o nag-post nito.

Dapat ang may-akda ay isang totoong tao. Heto ang mga senyales na ang may-akda ay hindi katiwa-tiwala:

- Hindi klaro ang pangalan (hal. "Pooper" o "HinDi ePaL")
- Walang matinong litrato para matukoy ang mukha (hal. cartoon character, malabo/madilim ang litrato, o walang litrato na kasama ang mga kapamilya/kaibigan)
- Bago pa lang ang account



## Alamin Natin!

MYTHS VS FACTS

### 3. Tama ba ang headline?

Tingnan kung tama ang headline sa content ng article o video. May mga tinatawag na “clickbait” headlines na karaniwa’y nakalilinlang.

Ang “clickbait” headlines ay karaniwang kahindik-hindik upang agarang makuha ang atensyon ng mambabasa/manonood.

### 4. Tumingin huwag lamang sa larawan.

Basahin ang laman ng article o panoorin nang buo ang video.

### 5. Mayroon bang mga pagkakamali?

Huwag maniwala agad. Isipin kung tumpak ba ang mensahe ng article, post o video.

### 6. Ito ba ay isang biro?

Minsan ay may mga article, post o video na isang biro o panunuya.

### 7. Suriin ito sa mga pinagkakatiwalaang source o pinagkukunan.

Tingnan ang mga website, YouTube Channel o Facebook page ng mga malalaki’t matatagal na news agencies na kilala na walang kinikilingan na politiko, negosyante o kung sino pa man (hal. GMA News, ABS-CBN News, News5, Rappler, Inquirer, Philippine Star). Pare-pareho ba ang mga sinasabi nila sa isyu na ito?

### 8. Suriin ang mga katotohanan sa mga website na ito.

- FactRakers: www.factrakers.org
- AFP Fact Check: factcheck.afp.co
- VERA Files: www.verafiles.org
- Tsek PH: www.tsek.ph
- Rappler: www.rappler.com

FACT-CHECKED · FACT-CHECKED ·

## Alamin Natin!

### Pagturo ng Pagbasa sa Pamamagitan ng mga Online Resources

Maaaring magamit ang mga online resources upang maturuang bumasa sa Ingles o Filipino ang iyong anak.

Heto ang mga paraan kung paano:


1. **Magpanood ng mga educational videos galing YouTube.**

Nasa ibaba ang listahan ng ilang mapagkakatiwalaang YouTube channel na makatutulong magturo ng pagbasa sa Ingles (Oentoro, 2020):

- English Club
- Learn English with English Class 101
- Learn English with TV Series
- JamesESL English Lessons
- Shaw English Online
- English with Lucy
- 7ESL Learning English
- Oxford Online English
- Easy English
- Rachel's English



Sa kabilang dako, narito ang ilang mapagkakatiwalaang YouTube channel na makatutulong magturo ng pagbasa sa Filipino (Gohu, 2021).




- Lampara Network Channel
- Filipino Fairy Tales
- Pinoy BK Channel
- Teacher Pher
- Pinoy Mystery Channel

## Alamin Natin!

### Pagturo ng Pagbasa sa Pamamagitan ng mga Online Resources

2. Gumamit ng mga online resources na nakatutulong sa paggawa ng mga teaching activities katulad ng worksheets at mga educational games.

- Live Worksheets (www.liveworksheets.com): paggawa at pagsagot ng mga worksheets
- Kahoot! (https://kahoot.com): paggawa ng mga laro online
- Picker Wheel (https://pickerwheel.com): paggawa ng roleta na maaaring gamitin sa paraang pagtuturo



## Alamin Natin!

### Pagturo ng Pagbabasa sa mga Children with Special Needs gamit ang mga Online Resources

Malawak ang mga kategorya ng special needs, at bawat isa rito ay may partikular na kondisyon na maaaring sumaklaw ng mild (hindi gaanong malala), moderate (katamtaman) hanggang severe (malala).

Ito ang mga pangunahing kategorya ng mga special needs ng mga mag-aaral sa Pilipinas ayon sa Department of Education (2016):

- Visual Impairment
- Hearing Impairment
- Learning Disorders
- Intellectual Disorders
- Autism Spectrum Disorders
- Emotional-Behavior Disorder
- Orthopedic/Physical Handicap
- Speech/Language Disorder
- Cerebral Palsy
- Special Health Problems/Chronic Illness

Maaring magamit ang mga nasabing mapagkakatiwalaang YouTube channels at websites sa pp. 25-26 upang makatulong magturo ng pagbasa sa sa mga batang may special needs.

## Pag-isipan Natin

### Group Online Research



**Kasama ang parehas na mga kagrupo mula sa sub-modyul 1, maghanap ng:**


1. Isang (1) online resource na mapagkakatiwalaan mula sa Google, Facebook o YouTube tungkol sa isang lesson na pinag-aaralan ng iyong anak ngayon. Maaaring isa itong article, video o post.

2. Tig-isang (1) YouTube video na makatutulong sa pagbasa ng Ingles at Filipino ng iyong anak sa kanyang antas.

3. Isang (1) website na maaaring gumawa ng worksheet o laro tungkol sa isang lesson ng iyong anak.

## Pagyamanin Natin

### Home Challenge




## Ibahagi Natin

Ituro sa inyong mga anak kung paano suriin ang mga mapagkakatiwalaang online sources. Marapat na masagot ang mga sumusunod na katanungan.:

1. Ano ang address ng website?
2. Saan nanggaling ang impormasyong ito?
3. Tumpak ba ang headline?
4. Tumingin huwag lamang sa larawan.
5. Mayroon bang mga pagkakamali?
6. Ito ba ay isang biro?
7. Suriin ito sa mga pinagkakatiwalaang source o pinagkukunan.
8. Suriin ang mga katotohanan sa mga website na ito.
   - FactRakers: www.factrakers.org
   - AFP Fact Check: factcheck.afp.co
   - VERA Files: www.verafiles.org
   - Tsek  PH: www.tsek.ph
   - Rappler: www.rappler.com

## Tayahin Natin

### Group Reporting

Ibahagi sa klase ang mga nakalap na mapagkakatiwalaang online resources na makatutulong sa pagtuturo ng mga aralin at pagbasa sa inyong anak.

Ito ay ang mga sumusunod:

1. Isang (1) online resource na mapagkakatiwalaan mula sa Google, Facebook o YouTube tungkol sa isang lesson na pinag-aaralan ng iyong mga anak ngayon. Maaaring isa itong article, video o post.
2. Tig-isang (1) YouTube video na makakatulong sa pagbasa ng Ingles at Filipino ng iyong anak sa kanyang antas.
3. Isang (1) website na maaaring gumawa ng worksheet o laro tungkol sa isang lesson ng iyong anak.

Nasa ibaba ang pamantayan. Ang rating ay mula isa (1) bilang pinakamababa at lima (5) bilang pinakamataas.

| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Lahat ng mga miyembro ay nagtulungan. | | | | | |
| Lahat ng mga miyembro ay nagsalita sa paraan na maliwanag at madaling intindihin. | | | | | |
| Ang impormasyon ay inilahad sa isang maayos na paraan. | | | | | |
| Pinaghandaan nang maayos at organisado ang role play. | | | | | |
| Kumpleto at may sapat na mga detalye ang report. | | | | | |
| Organisadong tingnan ang mga impormasyon. | | | | | |
| Nakuha ang interes ng madla. | | | | | |

# Modyul 4-C: Mga Iba't Ibang Katalinuhan ng Aking Anak at Paano Siya Turuan ayon sa mga Ito




## Layunin

1. Maintindihan ang Multiple Intelligences.
2. Malaman ang mga pamamaraan upang maturuan ang anak ayon sa kanyang nangingibabaw na Multiple Intelligence.
3. Gumawa ng mga digital at face-to-face learning activities na maaaring gawin sa bahay.

## Balikan Natin

### Mabilisang Tanungan

Isulat sa baba ang walong hakbang upang masuri kung mapagkakatiwalaan ang isang online resource.



## Balikan Natin

### Mabilisang Tanungan

1. Magbigay ng isang mapagkakatiwalaang YouTube Channel na makatutulong sa pagtuturo ng pagbasa sa Ingles:

______________________________________________

2. Magbigay ng isang mapagkakatiwalaang YouTube Channel na makakatulong sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino:

______________________________________________

3. Magbigay ng isang mapagkakatiwalaang website na makatutulong sa paggawa ng mga teaching activities (hal. worksheets o laro):


______________________________________________

## Gawin Natin

**Kantahin ang "Nasaan Si Tatay?" finger song.**



### Nasaan Si Tatay?



Nasaan si tatay?* (2x)
Heto siya, heto siya
Kumusta, kumusta, kumusta, kumusta
Nagtago siya, nagtago siya.

*Palitan ng  with "nanay", "kuya", "ate" and "beybi".



Alamin Natin!

## Ang Multiple Intelligences

Ang teorya ng Multiple Intelligences ay ang paniniwala na ang mga tao ay may iba't ibang katalinuhan o "intelligence", at hindi isang makitid na turing katulad ng Intelligence Quotient (IQ) test o grado sa paaralan.

Para sa tagapagtaguyod nito na si Howard Gardner, ang ibig ng "intelligence" ay kakayahan na lumutas ng mga problema at gumawa ng produktong mapakikinabangan sa totoong buhay.



Nasa ibaba ang walong "intelligences" o katalinuhan, pinakahuling binago ni Gardner noong 1999:

**Linguistic (Word Smart)** epektibong magsalita (hal. istoryador) o sumulat (hal. manunulat)






**Logical-Mathematical (Number Smart)** mabisang gumamit ng mga numero at magaling sa lohika (hal. accountant, computer programmer at statistician)

**Spatial (Picture Smart)** wastung-wasto na nakakikita ng mga larawan at espasyo at magaling na naiibang-anyo ang mga ito (hal. land surveyor, arkitekto at artist)



## Alamin Natin!

# Ang Multiple Intelligences

**Bodily-Kinesthetic (Body Smart)** nagagamit ang katawan upang magpahayag ng mga ideya at nararamdaman at ginagamit ang mga kamay sa paggawa (hal. aktor, atleta at mekaniko)



**Musical (Music Smart)** nauunawaan, nababagong-anyo, naipahahayag at nakikita ang kaibahan ng musika (hal. mahilig sa musika, kompositor, at performer/tagapalabas)





**Interpersonal (People Smart)** nauunawaan ang mga tao nang maayos (hal. kalooban, intensyon, pagganyak at nararamdaman

**Intrapersonal (Self Smart)** kilala ang sarili at kumikilos ayon sa sitwasyon (hal. kilala ang sariling mga kagalingan, limitasyon, kalooban; may disiplina sa sarili; may pagpapahalaga sa sarili)



**Naturalist (Nature Smart)** nakikilala at nabubukud-bukod ang mga nasa kapaligiran (hal. mga halaman, hayop, at panahon)



## Alamin Natin!

# Paano Magturo ayon sa Multiple Intelligences ng Iyong Anak


Una sa lahat, importanteng malaman na ang lahat ng mga bata ay may hilig sa lahat ng mga "intelligences" (hal. may hilig sa larawan, pagkanta o pagsayaw). Subalit, dahil ang bawat bata ay may mga nangingibabaw na intelligences, ang isang paraan ng pagturo ay magiging mas matagumpay sa ibang mga bata ngunit hindi masyado sa iba.

Dahil dito ang mga magulang ay pinapapayuhan na:

Alamin ang nangingibabaw na "intelligence" ng kanilang anak:

**Saan siya magaling o interesado sa totoong buhay?**

Gumamit ng mga teaching strategies na ayon sa nangingibabaw na intelligence ng kanilang anak.





# Alamin Natin!

Narito ang mga inirerekomendang teaching strategies ayon sa iba't ibang multiple intelligences:

| INTELLIGENCE (o katalinuhan) | STRATEGY |
|---|---|
| Linguistic (Word Smart) | • Textbooks<br>• Worksheets<br>• Lectures<br>• Storytelling<br>• Brainstorming<br>• Audio recording<br>• Pagsulat ng dyornal |
| Logical-Mathematical (Number Smart) | • Pagkalkula at pagbilang<br>• Pagbubukud-bukod at pag-kategorya<br>• Socratic questioning: pakikipag-usap sa iyong anak sa pamamagitan ng mga malalim at bukas na tanong<br>• Heuristics: paghanap ng solusyon sa mga problema<br>• Scientific thinking: paghanap ng siyensya sa mga bagay at mga ideya (hal. paano naiimpluwwensyahan ng pag-unlad ng smartphones ang pag-aaral ngayon |
| Spatial (Picture Smart) | • Visualization: pagpikit ng mga mata at pag-iisip kung ano ang pinag-aaralan (hal. pagbaybay ng mga salita, math formulas at makasaysayang mga pangyayari)<br>• Color Cues (iba't ibang kulay na mga colored pens, highlighters, atbp.)<br>• Picture Metaphors : paghahambing ng mga ideya<br>• Idea sketching: simpleng pagguhit sa mga ideya<br>• Graphic symbols: pagguhit ng mga larawan sa board |

## Alamin Natin!

| INTELLIGENCE (o katalinuhan) | STRATEGY |
|---|---|
| Bodily-Kinesthetic (Body Smart) | • Body Answers: pagsagot sa mga panuto o tanong sa pamamagitan ng paggalaw ng katawan<br>• Classroom Theater: role playing or pagsasadula<br>• Kinesthetic concepts: pantomima (dulang walang salita) at charade<br>• Hands-on Thinking: pagmanipula ng mga gamit o paggawa ng mga bagay gamit ang kamay<br>• Body Maps: pag mapa ng mga konsepto sa katawan (hal. paggamit ng mga daliri upang magbilang at magkalkula) |
| Music Smart | • Rhythms, songs, raps and chants<br>• Discographies: mga kanta na naglalahad ng mga aralin (hal. “Bahay Kubo” para sa mga gulay)<br>• Supermemory Music: pakikinig sa mga musikang klasikal habang inuulit ang mga impormasyon<br>• Mood Music: paggamit ng musika upang makondisyon ang kalooban (hal. pagtugtog ng mga ibon na humuhuni bago ang pagtalakay ng isang kwento tungkol sa ibon |
| People Smart | • Peer Sharing: “Humarap sa iyong katabi at magbahagi ng ________..”<br>• People Sculptures: pagsasaayos ng mga tao upang maglahad ng isang larawan (hal. “Paint Me Picture”)<br>• Collaborative Groups: mga maliliit na grupo na gumagawa para sa iisang layunin<br>• Board games (hal. Snakes and Ladders, chess, atbp.)<br>• Simulations: paggawa ng isang kapaligirang kunwari (hal. pagdamit, pag-arte at pagsalita katulad ng mga Katipunero noong Himagsikan)) |

## Alamin Natin!

| INTELLIGENCE (o katalinuhan) | STRATEGY |
|---|---|
| Self Smart | • One-minute Reflection Periods: isang minutong paghinto at pagnilay-nilay na kapaki-pakinabang lalo na pagkatapos maglahad ng impormasyon<br>• Personal Connections: pagkonekta ng mga aralin at kung paano ito nailalapat sa totoong buhay<br>• Choice Time: maaaring maliliit at limitado (hal. pagsagot ng mga problema sa page A o page B) o maaaring malaki at open-ended (hal. pagpili ng bata kung anong proyekto para sa quarter)<br>• Feeling-Toned Moments: pagturo nang may damdamin sa pamamagitan ng pagpapahayag ng sarili habang nagtuturo, paggawa na ligtas para sa iyong anak na magpahayag ng damdamin, at pagbibigay ng mga karanasan upang makahingi ng sagot (hal. mga pelikula, libro at mga kontrobersyal na mga isyu)<br>• Goal-Setting: maaaring panandalian ("Ano ang gusto mong matutunan ngayon?") o pangmatagalan ("Paano mo nakikita ang iyong sarili 'pag ikaw ay 20 taong gulang na?") |
| Nature Smart | • Nature Walks: paglakad sa kalikasan. Ito ay pagkakataon upang palakasin ang pinag-aralan katulad ng Science o Math<br>• Windows onto Learning: pagtingin ng bata sa labas ng bintana (hal. pag-aralan ang panahon, weather study, pag-obserba ng mga hayop, at malikhaing pagsulat)<br>• Plants and Pets as Props: pag-obserba ng mga halaman at hayop (hal. tanim sa bahay para sa mga sanga ng pamahalaan, alagang aso para sa pag-rekord ng sukat at bigat)<br>• Eco-Study: pag-ugnay ng aralin sa kapaligiran (hal. pagbilang ng mga nakapasong halaman sa bahay sa pagturo ng addition) |

## Pag-isipan Natin

### Reflection

Magsulat ng hindi bababa sa isang (1) pangungusap tungkol sa mga sumusunod na mga tanong:

1. Anu-ano ang mga nangingibabaw na multiple intelligences ng aking anak?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Anu-ano ang mga digital o face-to-face activities na maaari kong gawin para turuan sa bahay ang aking anak ayon sa kanyang mga nangingibabaw na multiple intelligences?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## Pag-usapan Natin

Sa inyong Gabay Facebook group, ibahagi ang iyong sagot sa mga sumusunod na tanong:

1.Anu-ano ang mga nangingibabaw na multiple intelligences ng aking anak?

2. Anu-ano ang mga digital o face-to-face activities na maaari kong gawin para turuan sa bahay ang aking anak ayon sa kanyang mga nangingibabaw na multiple intelligences?

## Pagyamanin Natin

Pumili ng isang (1) teaching activity na isinulat mo sa "Pag-Isipan Natin" Reflection at ibinahagi sa "Pag-usapan Natin" Group Sharing.

Ihanda ito para ipatupad sa iyong anak sa bahay.

## Ibahagi Natin

### Home Challenge



Ipatupad ang inihandang teaching activity sa iyong anak sa bahay.

Kumuha ng isang video clip nito habang isinasagawa. Ang video clip ay hindi dapat bababa sa labinlimang (15) segundo at hindi tataas sa tatlumpung (30) segundo.

## Tayahin Natin

### Video Clips

Kumuha ng mga maiikling video na nagpapakita ng mga sumusunod:



1. Tig-isang video para sa tatlong (3) pinaka nangingibabaw na multiple intelligences ng iyong anak.
2. Isang paraan na tinuturuan mo ang iyong anak ayon sa mga nangingibabaw na multiple intelligences niya (galing sa nakaraang "Ibahagi Natin: Home Challenge").

Ang bawat video clip ay hindi dapat bababa sa labinlimang (15) segundo at hindi tataas sa tatlumpung (30) segundo. I-upload ito sa inyong Gabay Facebook group.

# Modyul 4-D: Ang Aking Parent-Teacer Action Plan



**Layunin**

1. Tukuyin ang iba't ibang parte ng isang Parent-Teacher Action Plan.
2. Sumulat ng isang Parent-Teacher Action Plan.
3. Pahalagahan ang pagkakaroon ng isang Parent-Teacher Action Plan.

## Balikan Natin

### "Ang Iba't Ibang Katalinuhan ng Anak Ko"
### Comics Strip

Gumuhit ng isang simpleng komiks na nagpapakita ng dalawang (2) pinaka nangingibabaw na multiple intelligences ng iyong anak, kung anong teaching activity ang ginawa mo ayon dito, at kung ano ang resulta.

### "Ang Iba't Ibang Katalinuhan ng Anak Ko"

| | |
|---|---|
| Ito ay isa sa mga nangingibabaw na katalinuhan ng anak ko... | At isa pa. |
| Ayon sa mga ito, ito ang isang Teaching Activity na ginawa ko.... | At ito ang resulta. |

## Gawin Natin

### "Ako Bilang Isang Parent-Teacher" Art

Sa sub-module na ito ay gagawa tayo ng isang Parent-Teacher Action Plan na maaaring gumabay sa iyo upang ipatupad ito sa iyong bahay sa totoong buhay.

Una, kailangan nating isagunita kung anong klaseng Parent-Teacher ang gusto nating maging.

Iguhit sa loob ng kahon sa ibaba kung anong klaseng Parent-Teacher ang gusto mo maging. Pagkatapos, sumulat ng isa hanggang tatlong pangungusap tungkol sa iginuhit mo.

"Ako Bilang Isang Parent-Teacher"

Gusto kong maging isang Parent-Teacher na ....

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## Alamin Natin!

# Parent-Teacher Action Plan

Ang isang Parent-Teacher Action Plan ay nagpapakita kung anong klaseng Parent-Teacher ang gusto nating maging mula sa puntong ito.
Ito ang mga pangunahing parte nito:



**Isip**
*Paano ako mag-isip?*



**Salita**
*Ano ang aking sasabihin?*



**Gawa**
*Ano ang aking gagawin?*

Para masagot ang mga tanong na iyan, balik-tanawin natin ang mga nakaraang aralin sa Module 4 “Parents as Teachers” ukol dito.

- Growth Mindset
- Mga Salik na Nakaaapekto sa ating Tungkulin bilang Parent-Teacher
- Pangangasiwa sa mga Hamon
- Pagtakda ng mga Layunin
- Pagbunyi sa mga Tagumpay
- Mga Digital Resources (kasama ang para sa Pagbasa at para sa mga Children with Special Needs)
- Mga Multiple Intelligence at Pagturo Ayon Dito



## Pagyamanin Natin

Nasa ibaba ang template ng Parent-Teacher Action Plan.

# Parent-Teacher Action Plan



### ISIP

1. Simula ngayon, ang tingin ko sa sarili ko bilang Parent-Teacher ay...

________________________________________

________________________________________

2. Simula ngayon, ang tingin ko sa aking anak ay...

________________________________________

________________________________________



### SALITA

1. Simula ngayon, sasabihin ko sa aking anak kapag siya ay aking tinuturuan na...

________________________________________

________________________________________




### GAWA

1. Simula ngayon, ito ang mga gagawin ko para maturuan ang aking anak...

________________________________________

________________________________________



## Pag-usapan Natin



Ibahagi ang iyong nasulat na Parent-Teacher Action Plan sa isang Ka-Super Gabay. Itanong ang feedback niya tungkol dito (hal. Tama ba itong isip, sabihin o gawin? Makatotohanan ba ang mga nais mong gawin?).

Basahin din ang kanyang Parent-Teacher Action Plan. Magbigay ng feedback sa partner.



Mula sa feedback noong Partner Activity, rebisahin ang iyong Parent-Teacher Action Plan.

## Tayahin Natin

Isumite ang iyong ginawang Parent-Teacher Action Plan sa inyong facilitator.



# Thank you!